



Pinag-isa ng Pag-ibig!



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Kaw 8:22-31)

ITO ang sinasabi ng Karunungan ng Diyos:
²²“Sa lahat ng nilikha ng Poon, ako ang siyang una, **noong una pang panahon ako ay nilikha na.** ²³Matagal nang panahon nang anyuan niya ako, bago pa nilikha at naanyo itong mundo.
²⁴Wala pa ang mga dagat nang ako’y lumitaw, wala pa ang mga bukal ng tubig na malilinau.
²⁵Wala pa ang mga burol, ganoon din ang mga bundok, nang ako ay isilang dito sa sansinukob.
²⁶Ako **muna ang nilikha** bago ang lupa at bukid, nauna pa sa alabok, at sa lupang daigdig.
²⁷Nang likhain ang mga langit, ako ay naroon na, maging nang ang hangganan ng langit at lupa’y italaga. ²⁸**Naroon na rin ako** nang ang ulap ay ilagay, at nang kanyang palitawin ang bukal sa kalaliman. ²⁹Nang ilagay niya

ang hangganan nitong dagat, nang patibayan nitong mundo ay ilagay at itatag, ³⁰**ako’y lagi niyang kasama at katulong** sa gawain, ako ay ligaya niya at sa akin siya’y aliw. ³¹Ako ay nagdiwang nang daigdig ay matapos, dahil sa sangkatauhan, ligaya ko ay nalubos.”

Tema: **Ang Walang-hangganang Diyos Ama at Anak**

PAGPAPALIWANAG

- Sa bb. 22-26, ang Karunungan (Diyos Anak) ay nagsasabi na Siya ang nauna sa lahat.
- Bago pa man likhain ang mundo, ang mga dagat, at mga bukal ng tubig.
- Bago pa man ang mga burol at gayun din ang mga bundok.
- Siya muna ang nilikha bago ang lupa at bukid. At, nauna pa siya sa alabok at sa lupang daigdig.
- Sa bb. 27-31, inilalarawan na ang Karunungan (Diyos Anak) ay naroroon na habang nililikha at nilalagyan ng hangganan ng Diyos Ama ang

langit at lupa, ulap, bukal sa kalaliman, at mga dagat.

- Siya ay katulong sa paglikha (malikhain, *engineer, skilled worker*), at kasama ng sangkatauhan.

PAGNINILAY

Ito’y naglalarawan ng dalawang mahahalagang bagay ukol sa Anak ng Diyos: Una, Siya ay nauna at ikalawa, aktibo Siyang kumikilos sa paglikha kasama ang Ama.

Kinikilala natin na ang Diyos Anak ay kaisa ng Ama at lumikha ng lahat ng mga bagay dito sa mundo. Ang Karunungan (Diyos Anak) ay palaging kasama ng Ama bago pa noong simulan ang paglikha.

SALMONG TUGUNAN (Slm 8) MANINGNING ANG IYONG NGALAN, POON, SA SANGKALUPAAN.

IKALAWANG PAGBASA (Rom 5:1-5)

¹Yamang napawalang-sala na tayo dahil sa pananalig sa ating Panginoong Hesu-Kristo, sa pamamagitan niya’y mayroon na tayong kapanatagan sa harapan ng Diyos. ²Sa pamamagitan nga niya’y tinatamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos, at lubos tayong nagagalak sa ating pag-asa na makakasama sa kanyang kaluwalhatian. ³Bukod dito, nagagalak tayo sa ating mga pagbabata sapagkat alam nating ito’y **nagbubunga ng pagtitiyaga**. ⁴At ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng **katatagan**, at ang katatagan ay nagbubunga ng **pag-asa**. ⁵Hindi tayo nabibigo sa ating pag-asa, sapagka’t ang **pag-ibig** ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloo na sa atin.

Tema: Mga Mabubuting Bunga ng Pagkakaroon ng Pananamplataya

PAGPAPALIWANAG

- Sinasaad ng teksto ang kahihinatnan natin kapag tayo ay napawalang-sala sa pamamagitan ng pananalig kay Hesus:
 - Mayroon na tayong kapanatagan sa harapan ng Diyos (b.1).
 - Tinatamasa natin ang kagandahang loob ng Diyos (b.2).
 - Ikinagagalak din natin ang mga kahirapang ating tinitiiis (b.3).
- Ating bigyang pansin ang pagkakasunod-sunod ng “bb. 3-5”:
 - Ang kahirapang ating tinitiiis ay nagbubunga ng pagtitiyaga. Ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng katatagan. At ang katatagan ay nagbubunga ng pag-asa.

PAGNINILAY

Binabahagi ni San Pablo ang kaniyang pagninilay tungkol sa ating pagiging “malinis” mula sa kasalanan sa pamamagitan ng ating pananalig kay Hesuskristo.

Sa pamamagitan ng ating pananalig na ito tayo ay nabibigyan ng pagkakataong mabuhay ng may kapanatagan ng loob kasama ang Diyos. Tayo rin ay nabibigyan ng pagkakataon na makamtan ang nag-uumapaw na biyaya ng Diyos, at tayo rin ay nabibigyan ng pag-asang makibahagi sa Kanyang kaluwalhatian sa langit.

Nagbibigay ng tunay na ginhawa ang teksto para sa mga nagdurusa dahil sa pagsasabuhay ng kanilang pananalig sa Diyos. Sa katunayan nga, ito ay nagsisilbing imbitasyon upang maipagmalaki natin ang ating mga paghihirap.

Subalit, paano ba natin kinagagalak ang ating mga paghihirap? Papaano ba tayo tunay na masisiyahan sa kabila ng mga ito?

Ang sulat ni San Pablo sa mga taga-Roma ay nagbibigay sa atin ng sagot: Ang kaligayahan sa kabila ng ating mga paghihirap ay isang personal na desisyon. At sa kabila ng mga ito, maari pa rin tayong maging maligaya.

Maaring may malalim na mga dahilan si San Pablo sa pagsulat niya na nagbubunga ng

pagtitiyaga ang mga pagsubok. Ang pagtitiyaga naman ay nagdudulot ng katatagan sa karakter, at ang katatagan ng karakter ay nagbubunga ng pag-asa.

Walang kinahihinatnan ang isang nananalig na umiiwas sa mga pagsubok at hirap kundi kawalan ng pasensya, kawalan ng katatagan sa karakter, at kawalan ng pag-asa. Dahil ang lahat ng mga paghihirap na ito ay nagbibigay ng liwanag sa atin upang makamit ang tunay na tagumpay.

MABUTING BALITA (Jn 16:12-15)

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: ¹²“Marami pa akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo kayang unawain ngayon. ¹³Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, **tutulungan** niya kayo upang **maunawaan ninyo ang buong katotohanan**. Sapagkat **magsasalita** siya hindi sa ganang kanyang sarili; sasabihin niya sa inyo ang kanyang narinig, at ipapahayag ang mga bagay na darating. ¹⁴**Pararangalan** niya kayo, sapagkat sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo. ¹⁵Ang lahat ng sa Ama ay akin; kaya ko sinabing sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo.”

Tema: Ang Gawain ng Banal na Espiritu Santo

PAGPAPALIWANAG

- Nilalarawan ng mga talata ang pamamaalam ni Hesus sa kanyang mga alagad sa Huling Hapunan.
- Nagpapahayag naman ng nag-uumapaw na biyaya na nais pa sana niyang ibahagi sa atin ngunit hindi pa natin lubusang maiintindihan ang lahat, sa ngayon.
- Ang bb. 13-14 naman ay nagsasaad ng tungkulin ng Banal na Espiritu.
- Papatnubayan Niya kayo sa lahat ng katotohanan.
- Ipapahayag ng Espiritu ang kanyang narinig mula sa kay Hesus.

- Ipapahayag Niya sa inyo ang mga bagay na mangyayari sa hinaharap.
- Magbibigay parangal kay Hesus.
- Naglalarawan naman ang teksto sa b.15: Ang pinagmumulan ng lahat ng kay Hesus-Ang Ama.

PAGNINILAY

Binibigyang pansin ng teksto kung sino ang Banal na Espiritu.

Maari tayong magkaroon ng kaalaman tungkol sa Banal na Espiritu kung kukuha tayo ng impormasyon mula sa mga eksperto (*Theologians*). Ito ay dahil sa kakayahan nilang pagtagpi-tagpiin at gawing simple ang mga teksto mula sa Bibliya, pati na rin ang mga pagninilay at mga itinuro ng mga apostol, na kanilang batayan; gayundin, ang mga turo ng Simbahan (*Magisterium*).

Mula sa ating ebanghelyo, maari din naman natin malaman ang mga gawain ng bawat persona sa Banal na Santatlo.

Ang Ama ay binabahagi sa Kanyang Anak ang ano man mayroon Siya. Ang Anak, sa kabilang banda, ay tinatanggap ang katotohanang kung ano mayroon Siya, mayroon din ang Kanya ng Ama at Siya ay handang ibahagi sa ating mga tao ang lahat ng kayamanan Niya na kaloob sa Kanyang Ama. Ang Banal na Espiritu Santo ay hindi nagpapahayag ng ano man na galing lamang sa Kanyang sarili kundi ito ay nagmumula sa kanyang narinig sa Ama at sa Anak. Pumaparito Siya upang patnubayan tayo tungo sa katotohanan.

Magkaiba man ang kanilang mga persona, ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay magkatuwang na kumikilos, bilang ating iisang Diyos.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tumutukoy sa Diyos bilang nauna sa lahat ng mga nilikha (*pre-existence*). Ang kakayahan Niyang lumikha at ang kanyang presensya na ipinaalam sa atin bilang Ama, at Anak (*Karunungan*).

Sa ating Pangalawang Pagbasa naman ipinapahayag ang gantimpala ng pagkakaroon

ng pananalig kay Kristo. At sa ating Ebanghelyo, inilalarawan naman ang mahalagang tungkulin ng Banal na Espiritu.




III. SALAMIN NG BUHAY

1. Magbigay ng kongkretong karanasan na naramdaman mo ang pagmamahalan na nagbubuklod sa Banal na Santatlo?
2. Papaano natin maisasalamín sa ating buhay ang halimbawa ng Banal na Santatlo?

**Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Cl. Gleindolf T. Cadiz, SSP**

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PANGWAKAS NA PANALANGIN

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)